

LESSON PLAN | Topic and Targeted Takeaways to Learn About and Retain
Banghay-aralin | Paksa at Inaasintang mga Matututunan at Maalala ng Mag-aaral

Week 7 Topic | Discrimination between Sexes
Paksa ng Linggo | Diskriminasyon batay sa Kasarian

Main Question | What factors reinforce/thwart sexual discrimination?
Susi na Tanong | Ano ang mga nagtutulak/pumipigil sa diskriminasyon sa sari?

- Key Learnings** | 1. **Dominant Groups** | Just as there are dominant species, there are also dominant groups within a species.
Dapat Magagap | Kung may mga dominanteng species, mayron ding mga grupo na dominanteng sa loob ng isang species na gaya ng Tao.
2. **Sexual Disparity** | As a whole, global sex bias prevails; men are the dominant sex, women are vulnerable.
Pagtatangi sa Kasarian | Sa kabuuan, may dehadong sari; dominante ang kalalakihan, bulnerable ang kababaihan.
3. **Mutuality between Sexes** | The aim is sexual mutuality.
 Ang layunin ay parehas na pagpapahalaga sa babae at lalake.

NOTES REFERENCES SOURCES TASKS	
Mga Kagamitan:	Contextualized Activities Balete, Aklan 
a. Projector/TV	
b. Laptop/Computer	
c. Speaker	
d. Mga kagamitan sa pagguhit	
e. Societrix Tactile and Manipulative Tools	
Paunang mga Gawain:	
a. Panalangin	
b. Pag-tsek ng Attendance	
c. Thought of the Day	
d. Pampasigla	
Sources:	
https://www.youtube.com/watch?v=EGJhY8iDbJ8	
Societrix.com	

I. Animating the Affective Senses and Sustaining the Recollection of Learning
 Pagpupukaw ng Pakiramdam at Malaunang Pagpapatimo sa Alaala ng Napag-aralan

Kababaihan

GARY GRANADA | BAYANG BARRIOS

Mula sa umpisa ang buhay ko'y nakasalalay
 Sa wika ni Ama at mga lalake ng aking buhay
 Ano ang dahilan, paano at kailan, ano'ng sanhi
 Sabi ni Inay, dahil kami ay
 nagkataong isinilang na babae
 Huling dinidinig at unang pinagsasabihan
 Ang aking daigdig ay daigdig ng kalalakihan
 At ang aking silbi sa araw at gabi'y palamuti
 Tahimik sa tabi, dahil lang kasi
 nagkataong isinilang na babae
 Unang nagigising at huli nang natutulog
 Habang unti-unting pagkatao'y nadudurog
 Di kataka-taka, sa tahana't pabrika ako'y api
 Sabi nga nila, dahil lang pala
 nagkataong isinilang na babae
 Hindi ko matanggap na dahil dito na nasanay
 Ang aking hinaharap ay ganito na habangbuhay
 Isip at diwa, puso't kaluluwa ay pumipiglas
 Gaya ng bukal na di masasakal,
 dadaluy at dadaloy ang kalayaan
 Kasama ng iba, unti-unti kong natutunan
 Ang aking halaga at likas na kapangyarihan
 May kasarinlan, may kakayaha't kakanyahan
 Bahagi ng buo kung saan patutungo
 ang kasaysayan ng sangkatauhan
 Ako'y samahan n'yo sa aking pakikibaka
 Sa paglaya ko, kayo ay aking kasama
 Dangal ko ay taglay kung saan pantay-pantay ang kalagayan
 Ating itindig sa bagong daigdig ang kalayaan ng kababaihan

Awitalakayan
 DOWNLOAD
 TOPIC SONG



societrix.com/
 exemplars/07

AFFECTIVE CLASS EXERCISES

Gawain 1. Salamat sa mga Juana: Reflection

Habang pinapakinggan ang kanta, isipin ng mga mag-aaral ang isang mahalagang babae sa kanilang buhay sa Balete (hal. nanay, lola, guro, ate). Magtala sila ng mga simpleng bagay na nagawa ng taong ito na nagpapakita ng kanilang kahalagahan

[illegible][illegible]

II. Engaging the Cognitive Faculties through Critical Freewheeling Exchange of Inquiries, Suppositions, Information, and Opinions

Pag-uudyok ng Kaisipan sa pamamagitan ng Mapanuri at Malayang Pagpapalitan ng mga Pagpapalagay, Katanungan, Kuro-kuro, at Kaalaman

Sex Bias



societrix.com/bincu/sex

COGNITIVE CLASS EXERCISES

Diskusyon para sa Guro:

Ano ang mga nagtutulak/pumipigil sa diskriminasyon sa kasarian? Kung may mga dominanteng species, mayroon ding mga grupo na dominante sa loob ng isang species na gaya ng Tao. Sa loob ng isang komunidad, may mga grupong mas binibigyan ng lakas o kapangyarihan kaysa sa iba. Sa kasaysayan, ang mga lalaki ay madalas na nakikita bilang dominante. Pag-usapan na ang diskriminasyon ay hindi lang tungkol sa pagiging malakas o mahina. Ito ay tungkol sa mga "tradisyonal" na paniniwala at gawi na nagtutulak sa mga tao na bigyan ng mas kaunting halaga ang mga babae, o kaya ay ituring na mas mababa sa lalaki. Halimbawa, sa Balete, maaaring may mga trabaho o tungkulin na para lang daw sa lalaki, o sa babae.

Juana! Enchanting Ka!

Sa aming bayan sa Balete, sikat ang gawa naming tela mula sa hibla ng pinya\ (tinatawag na "piña fiber" o "haboe").

Noon, hati ang trabaho, ang mga lalaki ang nagpapalabas ng hibla (Naga-Kigi) sa bukid, mabigat at matigas na trabaho. Ang mga babae naman, tulad ni Juana, ang nagdudugtong ng mga hibla (Naga panog-ot) sa loob ng bahay. Ang tingin ng iba, mas mahalaga ang trabaho ng lalaki dahil sila ang "malakas" at nasa labas. May kaunting diskriminasyon (pagtatangi) sa kasarian.

Isang araw, bumaba ang kalidad ng aming tela. Sabi ng mga bumibili, "Magaspang!" Nagtaka ang lahat, lalo na ang mga lalaki. Nagalit sila, pero hindi nila makita ang mali sa pagkuha ng hibla.

III. Employing Physical Activities, Tactile Tools and Manipulatives to enhance Absorption and Internalization of the Subject and Key Learnings

Paggalaw ng Katawan at Paggamit ng mga Aparatong Nabubusisi't Nahahawakan upang mapaigi ang Pagnguya at Pagsaloob ng Paksa at Kaakibat na Aral

BINCUCU | Box of Biases

Ang "Sa" ng Sa-Lah-Ed-An-Ga-Na

"Sari" o Kasarian
DISPARITIES BETWEEN SEXES

Virtual
Bincu



societrix.com/
virtualbincu



PHYSICAL AND TACTILE CLASS EXERCISES

Gawain 3. Societrix Model: BINCUCU | Box of Biases

Gamitin ang "BINCUCU" model para mas maipakita ang "Disparities Between Sexes".

Pamprosesong mga Tanong

1. Ano ang isang bagay o trabaho sa Balete na kadalasang inaasahan na lalaki lang ang gagawa, at ano ang isang bagay na inaasahan na babae lang ang gagawa? Saan ninyo nakuha ang mga paniniwalang ito?

2. Mayroon bang mga lumang kasabihan o gawi sa Balete na nagsasabing mas mahalaga ang opinyon ng lalaki kaysa sa babae, lalo na sa paggawa ng desisyon sa pamilya o komunidad? Kung mayroon, paano ito nakaaapekto sa mga babae?

COGNITIVE CLASS EXERCISES
Si Juana, na mahusay at masusi sa paggawa, ay umalis sa kanyang habihan. Dahan-dahan siyang nagpaliwanag sa pulong. Sabi niya, "Hindi lang po sa lakas ang galing. Nasa tamang paglilinis at pagpapatuyo ang sekreto." May ilang lalaking tumawa at nagsabing, "Hayaan mo na iyan, Juana. Pambahay lang ang alam mo." Pero may sumuporta kay Juana. Sinubukan nila ang proseso na itinuro niya ang tamang paglilinis ng hibla bago ito patuyuin. Dahil sa talino at tiyaga ni Juana, bumalik ang ganda at lambot ng piña fiber. Naging sikat ulit ang tela ng Balete!
Pamprosesong mga Tanong
1. Ano ang unang pagtingin o paniniwala ng ilang lalaki sa Balete tungkol sa trabaho ni Juana (paghabi)? Paano ito nagpakita ng maling pag-iisip o diskriminasyon batay sa kasarian?
2. Sa kuwento, paano napatunayan ni Juana na ang kanyang talino at masusing proseso ay kasinghalaga ng lakas ng mga lalaki sa pagkuha ng hibla?
3. Ano ang nangyari sa kalidad ng tela ng Balete nang magsimulang magtulungan at magbigayan ng ideya ang mga lalaki at babae? Ano ang ibig sabihin ng pagiging "magkatuwang" sa Balete?
Gawain 2. Pader ng Diskriminasyon:
Pangkatang Gawain: Hatiin ang klase sa tatlong grupo. Bawat grupo ay bibigyan ng "role" o tauhan na magbibigay ng kanilang pananaw:
Panig ng Pangkat:
Pangkat 1: Maglista ng mga ideya o paniniwala na nagtutulak ng diskriminasyon sa kasarian sa Balete. (Halimbawa: "Bawal mag-aral ang babae sa kolehiyo," "Para lang sa lalaki ang pagiging kapitan ng barangay.")
Pangkat 2: Maglista ng mga gawain o paniniwala na pumipigil sa diskriminasyon sa kasarian. (Halimbawa: "Parehong nagtatrabaho ang nanay at tatay," "May babaeng mangingisda sa Balete.")
Pangkat 3: Gumawa ng isang "pader" (drawing sa pisara o sa malaking papel) na kumakatawan sa mga hadlang ng diskriminasyon. Maglista sa pader ng mga salita o pangungusap na nagpapakita ng hindi pantay na pagtingin.
Pagtatalakay:
Pagkatapos mag-isip ng mga grupo, pag-usapan ang kanilang mga sagot. Gamit ang "pader" na ginawa, talakayin kung paano ito maaaring "sirain" ng mga ideya mula sa Pangkat 2.

PHYSICAL AND TACTILE CLASS EXERCISES
3. Batay sa inyong obserbasyon sa Balete, sino ang mas madalas na pinuno (hal. Kapitan, lider sa trabaho, o tagapagdesisyon sa bahay)? Sa tingin ninyo, bakit mahalaga na bigyan ng pantay na pagkakataon ang mga babae sa pagiging pinuno?
Gawain 4. Tambayong kita: Pantay-Pantay na Pasanin
Magsilbing "pasanin" ang mga libro o bag. Hatiin ang klase sa dalawang grupo: "Grupo A" at "Grupo B."
Simulasyon:
Unang Round (Hindi Pantay):
Bigyan ang "Grupo A" ng isang mabigat na bag o tumpok ng libro. Sabihin sa kanila na lakarin ang isang linya. Ang "Grupo B" ay walang dala at mabilis na lalakad. Pagkatapos, pag-usapan kung ano ang naramdaman ng bawat grupo.
Ikalawang Round (Pantay):
Bigyan ang bawat miyembro ng parehong bigat ng bag o libro. Sabihin sa kanila na magtulungan sa paglakad, upang masigurong walang maiiwan.
Pamprosesong Tanong:
1. Ano ang naramdaman ninyo sa unang round?
2. Ano ang naramdaman ninyo sa ikalawang round?
3. Sa tingin ninyo, paano natin masisiguro na pantay-pantay ang "pasanin" sa ating komunidad sa Balete, sa pagitan ng mga lalaki at babae?

IV. Active Integration | Content Creation for popularizing Citizens' Concerns
Aktibong Paghahabi | *Paglikha ng Mensaheng may Pakialam sa mga Mamamayan*

Ang kromosoma ni Juan
At ni Maria magkaiba
Ang dalawang kasarian
Magkatuwang ang halaga

Chromosomes generally
Make sexes make a binary
Both essential mutually
In making John and Mary

[illegible]

V. Process and Impact Assessments from the views of Teachers and Students
Pagtatasa ng Proseso at Epekto batay sa tingin at danas ng mga Guro at Mag-aaral

KEY ASSESSMENT INDICATORS					
AFFECTIVE : Feelings over the Subject <i>Pagdama sa Paksang Pinag-aaralan</i>	Numb <i>Namanhid</i> 1	Disdainful <i>Nangutya</i> 2	Affected <i>Nabagbag</i> 3	Hopeful <i>Nag-alab</i> 4	Shaken <i>Nayanig</i> 5
COGNITIVE : Thoughtful Consideration <i>Pagsasa-isip ng Usaping Tinatalakay</i>	Falsehood <i>Bulaan</i> 1	Irrational <i>Baligho</i> 2	Mindful <i>Mapagtanto</i> 3	Thorough <i>Mabusisi</i> 4	Analytic <i>Mapanuri</i> 5
PHYSICAL : Participation in Activities <i>Paglahok sa mga Pisikal na Aktibidad</i>	Unwilling <i>Umiwiwas</i> 1	Hesitant <i>Atubili</i> 2	Cooperative <i>Sumasali</i> 3	Involved <i>Ganado</i> 4	Animated <i>Bibo</i> 5
APPLIED : Creative Content Advocacy <i>Pagbabahagi ng Natutunan sa Klase</i>	Negligent <i>Pabaya</i> 1	Wanting <i>Kulang</i> 2	Compliant <i>Bastante</i> 3	Consistent <i>Pakigi</i> 4	Persistent <i>Pursigido</i> 5
PROCESS : Generating Joy in Learning <i>Paglinang ng Kasiyahan sa Pagkatuto</i>	Annoyed <i>Nayayamot</i> 1	Bored <i>Nababagot</i> 2	Content <i>Kampante</i> 3	Eager <i>Natutuwa</i> 4	Excited <i>Nagagalak</i> 5

To involve the students in assessing the effectiveness or ineffectiveness of the lesson plan for a particular week in terms of the reaction and disposition of the class as enumerated in the above parameters, students might take turns a few at a time as in-house observers.

More telling perhaps than the tabulated "objective" scores is an accounting of conditions (internal, external, size of class, size of classroom, ambient noise, smell, heat and the like) not as an excuse, but as reality check if the pedagogical approach is in fact up to the task.

[illegible]